

# BADYET 2018

## NAGTATRABAHO PARA SA IYO

BRITISH COLUMBIA



Ang British Columbia ay umuunlad. Malakas ang ating ekonomiya at nakita natin ang paglago ng pagtatrabaho sa antas ng rekord. Nguni't ang malakas na panukat ng ekonomiya ay hindi nagsasalaysay ang buong kuwento. Hindi lahat sa B.C. ay sumusulong, at oras na iyon ay magbago.

Ang badyet 2018 ay isang badyet na gumagana para sa iyo. Ginagawang mas abot-kaya ang iyong buhay at naghahatid ng mga serbisyo na inaasahan ng mga tao. Nagsisimula ito sa pagsulong sa isang ginawa-sa-B.C. na plano sa pangangalaga ng bata na gagawing mas abot-kaya at magagamit ang pangangalaga ng bata para sa libu-libong mga pamilya. Kinakailangan ang mga agresibong hakbang upang matugunan ang abot-kayang pabahay na may bagong buwis sa mga dayuhan at lokal na pabahay na nagsasapalaran, isang makasaysayang pamumuhunan sa suplay ng pabahay at mga plano upang isara ang mga lusutan ng buwis at pagtatago ng pera sa ating pabahay.

Ang mga badyet ay tungkol sa mga pagpipilian at ang Badyet 2018 ay inilalagay ang mga tao una. Ito ay tungkol sa pamumuhunan sa edukasyon at pagsasanay upang ang mga tao ay magkaroon ng mga kasanayan na kailangan nila upang makakuha ng mahusay na nagbabayad na trabaho. Ito ay tungkol sa pagbuo ng mga kritikal na imprastruktura na humahantong sa napapanatiling paglago ng ekonomiya, na may pinakamataas na antas ng pamumuhunan sa kapital sa kasaysayan ng B.C.

Ang isang ekonomiya na gumagana para sa lahat ay nagsisimula sa isang badyet na gumagana para sa lahat. Ang Badyet 2018 ay tumutulong sa mga tao na umasenso dahil kami ay naniniwala na ang lahat ng mga British Columbian ay dapat magkaroon ng pagkakataon na maabot ang kanilang buong potensyal.

Carole James

**KAGALANG-GALANG NA CAROLE JAMES**
MINISTRO NG PANANALAPI AT DIPUTADONG PREMIYER

# MGA TAHANAN PARA SA B.C.

Ipinapakilala ng Badyet 2018 ang unang **komprehensibong plano sa pabahay** ng B.C na nakatuon sa pagharap sa haka-haka, pagpigil sa pangangailangan, pagdaragdag ng suplay ng pabahay at pagpapabuti ng seguridad para sa mga nangungupahan.

Ang aming plano ay magsisimulang pagaanin ang mga hamon ng abot-kayang pabahay sa B.C. na naka-target ang mga pagbabago sa buwis, kabilang ang:

- Paglikha ng isang bagong haka-hakang buwis sa mga nagpapasama sa merkado ng pabahay sa British Columbia. Ang buwis ay tina-target ang mga dayuhan at lokal na mananapalaran na hindi nagbabayad ng mga buwis dito, kabilang ang mga nag-iiwan ng kanilang mga yunit na bakante. Kabilang dito ang mga satelayt na pamilya.
- Ang pagpapataas at pagpapalawak ng buwis sa mga dayuhang mamimili, kaya ang mga banyagang mamimili ay higit na nagkakapag-bigay ng mataas na kalidad ng buhay na kanilang tinatamasa kapag lumipat sila sa ating lalawigan.
- Pagpapatibay ng merkado ng pabahay sa pamamagitan ng pagtaas ng buwis sa paglipat ng ari-arian at ang buwis ng paaralan sa mga pinakamayamang may-ari ng bahay na bumibili o nagmamay-ari ng mga bahay na nagkakahalaga ng mas mataas sa $3 milyon.
- Paggawa ng aksyon upang mabawasan ang pandaraya sa buwis at isara ang mga lusutan. Pinapalakas namin ang kapangyarihan ng mga tagapangasiwa ng buwis sa pagtutuos ng kuwenta at pagpapatupad upang makatulong sa pagsasara ng mga puwang sa impormasyon at matiyak ang pagsunod sa buwis.
    - Kumikilos upang ihinto ang pag-iwas sa buwis sa mga inililipat na bagong-bentang condo.
    - Paggawa ng aksyon upang tapusin ang nakatagong pagmamay-ari.
    - Pagpapatibay ng panlalawigang awdit at kapangyarihan ng pagpapatupad.

Kasama sa plano ng aming pabahay ang mga pagkilos upang maitayo ang mga tahanan na kailangan ng mga tao at pagbutihin ang seguridad para sa mga nangungupahan, kabilang ang:

- Pamumuhunan ng higit sa $6 bilyon sa loob ng 10 taon sa abot-kayang pabahay, kabilang ang mga tahanan para sa mga lumalaking pamilya, tahanan para sa mga sinyor, mga pagpipilian sa pabahay para sa mga kababaihan at mga bata na tumatakas sa karahasan, at pabahay sa mag-aaral. Ito ang pinakamalaking pamumuhunan sa pabahay sa kasaysayan ng B.C.
- Pagtataas ng tulong sa pag-upa upang ang mga kabayaran ng mga pamilyang nagtatrabaho na may mababang kita ay madagdagan ng isang pamantayang $800 sa bawa't taon at ang mga kabayaran sa mga matatanda ay tataas ng isang pamantayang $930 bawa't taon, na tumutulong sa mahigit sa 35,000 na mga kabahayan na gawing mas abot-kaya ang kanilang upa.
- Pagdadagdag ng suporta para sa mga nangungupahan, pagpapalakas ng mga batas sa pag-upa, pagpapabuti ng kasalukuyang abot-kayang pabahay, at pagpapahusay ng mga proteksyon para sa mga may-ari ng mga yaring bahay.
- Paglikha ng bagong HousingHub sa pamamagitan ng BC Housing (Pabahay ng BC) upang makabuo ng mga samahan at abot-kayang tahanan kung saan pinaka-kailangan ng mga tao ang mga ito.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: www.bcbudget.gov.bc.ca

## MGA BUWIS SA MGA MANANAPALARAN AT MGA DAYUHANG MAMIMILI



**MANANAPALARANG BUWIS.** Isang bagong buwis sa dayuhan at lokal na mga mananapalaran. Ito ay aplikado sa Metro Vancouver, Fraser Valley, Capital at Mga Rehiyunal na mga Purok ng Nanaimo, at mga munisipalidad ng Kelowna at West (Kanlurang) Kelowna.

**BUWIS SA MGA DAYUHANG MAMIMILI**. Dinagdagan hanggang 20% mula sa 15% epektibo sa Pebrero 21, 2018. Ito ay patuloy aplikado sa Metro Vancouver, at papalawakin sa Fraser Valley, Central Okanagan at Nanaimo at Mga Rehiyunal na Purok ng Capital.

# CHILD CARE B.C. (PANGANGALAGA NG BATA B.C.)

Ang mga tao ay nagpapakasakit upang makahanap ng abot-kayang, kalidad na pangangalaga ng bata sa kanilang mga komunidad. Ang mga negosyo ay nahihirapang umakit at magpanatili ng mga empleyado dahil ang mga magulang ay hindi makabalik sa trabaho nang walang taong mag-aalaga sa kanilang mga anak. Ang pagtitiyak na ang pangangalaga ng bata ay abot-kaya ay mabuti para sa mga pamilya at ito ay mabuti para sa ating ekonomiya. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: www.bcbudget.gov.bc.ca

## ANG BADYET 2018 AY NAMUMUHUNAN NG HIGIT SA $1 BILYON SA PANGANGALAGA NG BATA AT MAAGANG PAG-AARAL SA LOOB NG TATLONG TAON.

Ang iyong pamahalaan ay nagtatatag ng isang ginawa-sa-B.C. na pangkalahatang plano sa pangangalaga ng bata. Ang plano ay makakatulong upang bumuo ng isang kalidad na sistema ng pangangalaga ng bata na abot-kaya at makukuha, na nagsisimula sa:

- Isang bagong abot-kayang benepisyo sa pangangalaga ng bata na magbibigay sa hanggang 86,000 pamilya sa buong B.C. ng hanggang $1,250 bawa't buwan ng kaluwagan sa gastos sa pangangalaga ng bata sa 2020.
- Isang bagong programa ng pagbawas ng bayad sa pangangalaga ng bata na pakikinabangan ng hanggang 50,000 pamilya. Simula sa Abril 1, 2018, ang mga magulang na may mga anak sa lumalahok na lisensiyadong pangangalaga ay karapat-dapat para sa mga sumusunod na pagbabawas ng bayad:
  - Hanggang $350/buwan para sa grupo ng pangangalaga ng musmos/sanggol;
  - Hanggang $200/buwan para sa pag-aalaga ng musmos/sanggol sa pamilya;
  - Hanggang $100/buwan para sa pag-aalaga ng grupo para sa mga batang may edad na 3-5; at
  - Hanggang $60/buwan para sa pangangalaga ng pamilya para sa mga batang may edad na 3-5.
- Ang paglikha ng higit sa 22,000 bagong lisensiyadong mga lugar ng pangangalaga ng bata sa buong lalawigan, at mga insentibo para sa mga lisensyadong tagapagkaloob ng serbisyo upang mag-alok ng pangangalaga sa bata sa labas ng karaniwang oras ng negosyo.
- Pagbunsod sa suplay ng mga Tagapagturo ng Maagang Pag-aaral upang matugunan ang lumalaking pangangailangan at pagtaas ng mga pamantayan sa kalidad.



**SOLONG MAGULANG NA MAY SANGGOL**
*Kumikita ng hanggang $45,000*

**NAGBABAYAD NG: $1,250/BUWAN**

**MGA IPON SA ILALIM NG CHILD CARE B.C .:**

- $350 sa pamamagitan ng Child Care Fee Reduction Program (Programang Pagbawas ng Bayad sa Pangangalaga ng Bata)
- $900 sa pamamagitan ng Affordable Child Care Benefit (Benepisyo sa Abot-kayang Pangangalaga ng Bata)

Kabuuan ng mga benepisyo sa ilalim ng Child Care B.C. **$1,250**

Gastos ng lisensiyadong pangangalaga ng bata simula sa Setyembre 2018: **$0** */buwan*



**DALAWANG MAGULANG NA PAMILYA NA MAY ISANG SANGGOL AT ISANG TATLONG TAONG BATA**
*Kumikita ng $74,000*

**NAGBABAYAD NG: $2,050/BUWAN**

**MGA IPON SA ILALIM NG CHILD CARE B.C .:**

- $450 sa pamamagitan ng Child Care Fee Reduction Program (Programang Pagbawas ng Bayad sa Pangangalaga ng Bata)
- $1,492.40 sa pamamagitan ng Affordable Child Care Benefit (Benepisyo sa Abot-kayang Pangangalaga ng Bata)

Kabuuan ng mga benepisyo sa ilalim ng Child Care B.C. **$1,942.40**

Tinantyang gastos ng lisensiyadong pangangalaga ng bata simula sa 2020: **$107.60** */buwan*

# GINAGAWANG ABOT-KAYA ANG PAMUMUHAY

Ang aming pangitain ay para sa isang ekonomiya na gumagana para sa lahat. Nagsisimula ito sa isang badyet na gumagana para sa mga tao.

Sa Badyet 2017 na Pagbabago ng Setyembre, kami ay gumawa ng mga mahahalagang hakbang upang makatulong na gawing mas abot-kaya ang pamumuhay sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga lugar tulad ng abot-kayang pabahay, pagtataas ng tulong sa kita at mga halaga ng kapansanan, at pagsisimula ng isang plano upang madagdagan ang minimong sahod sa $15/oras. Sa Badyet 2018, magpapatuloy kaming gumawa ng mga pagpipilian na gumagana para sa mga tao sa ating lalawigan.

### PAG-AALIS NG MGA BAYAD SA SEGURO NG MEDICAL SERVICE PLAN [PLANO NG SERBISYONG MEDIKAL] (MSP)

» Simula Enero 1, 2018, ang mga bayad sa seguro ng MSP ay pinutol sa kalahati, na nakapagtitipid ng hanggang $450 bawa't taon para sa indibidwal, at hanggang $900 bawa't taon para sa mga pamilya. Sa Badyet 2018, ipapahayag namin ang pag-aalis ng BAYAD SA SEGURO NG **MEDICAL SERVICES PLAN (MSP)**, epektibo Enero 1, 2020.

Ang mga bayad sa seguro ng MSP ay mapanuri, hindi makatarungan at mahirap na pangasiwaan. Ang Mga British Columbian ang tanging mga tao lamang sa Canada na kailangang magbayad ng mga di-makatarungang bayad na ito. Kabilang ang 50% na pagbabawas, ang ganap na pag-aalis ng mga bayad sa seguro ng MSP ay nangangahulugan na ang mga pamilya ay makakatipid ng hanggang $1,800 bawa't taon, at mga indibidwal hanggang $900 bawa't taon

- Upang makatulong na pondohan ang pag-aalis ng mga bayad sa seguro ng MSP, ipinaki-kilala namin ang isang buwis ng kalusugan ng tagapag-empleyo.
- Ang mga maliliit na negosyo na may mga peyrol na mas mababa sa $500,000 ay hindi magbabayad ng anumang buwis sa kalusugan ng tagapag-empleyo.
- Ang mga negosyo na may mga peyrol na nasa pagitan ng $500,000 at $1.5 milyon ay makikina-bang mula sa isang pinababang halaga.
- Ang mga negosyo na may mga peyrol na higit sa $1.5 milyon ay magbabayad ng buong halaga ng 1.95%.



## GANAP NA PAG-AALIS NG **BAYAD SA SEGURO NG MSP**

*Epektibo Enero 1, 2020*



**DALAWANG MAGULANG NA PAMILYA NA MAY DALAWANG ANAK**

BUONG MGA BAYAD SA SEGURO: **$1,800/BAWA'T TAON**

Gastos sa sandaling ang **BAYAD SA SEGURO NG MSP AY GANAP NA INALIS** *(mula ng Enero 1, 2020):* **$0** */buwan*



**MGA INDIBIDWAL**

BUONG MGA BAYAD SA SEGURO: **$900/BAWA'T TAON**

Gastos sa sandaling ang **BAYAD SA SEGURO NG MSP AY GANAP NA INALIS** *(mula ng Enero 1, 2020):* **$0** */buwan*

## BC FERRIES (MGA LANTSANG PANTAWID)

Ang Badyet 2018 ay maghahatid ng katuparan sa pangako ng pamahalaan na gawing mas abot-kaya ang mga ferry. Ang mga gastos sa ferry ay biglang tumaas, na naglalagay sa mga komunidad sa baybayin sa kasahulan na magastos at hindi patas. Ang mga negosyo na gumagamit ng mga ferry sa transportasyon ng mga kalakal ay nakakaramdam din ng kahirapan.

Iyon ang dahilan kung bakit aming:

» Pinanatili ang mga pamasahe sa ferry sa lahat ng tatlong pangunahing ruta;

» Ibinabalik sa dati ang mga pamasahe sa mga maliliit na ruta ng 15%; at

» Pinapanumbalik ang Lunes-Huwebes na 100% diskwentong pamasahe para sa mga sinyor na mga pasahero.

Ang mga ferry ng B.C ay bahagi ng ating sistema ng daangbayan, at ito ay dapat maging abot-kaya.



» **Higit sa 100,000 katao** na tumatanggap ng tulong para sa kapansanan ay makikinabang mula sa pagpapanumbalik ng kanilang **mga libreng pass sa bus o isang buwanang suplemento sa transportasyon**. Ang paglalakbay sa kanilang mga komunidad at paggamit ng mga serbisyo na kailangan nila ay magiging mas madali at mas abot-kaya para sa kanila sa $214 milyon na pamumuhunan sa loob ng tatlong taon.

» Nagsusumikap kami na mapabuti ang pagiging patas sa nagbabayad ng buwis sa B.C. Simula Abril 1, 2018, **tataasan namin ang PST sa mga sasakyan na luho**, at gagamitin ang kita upang matulungan ang pagbabayad para sa mas mahusay na mga serbisyo para sa Mga British Columbian.

## PAGPAPABABA NG MGA GASTOS SA MGA NIRESETANG GAMOT

» Ang mga tao ay hindi dapat pumili sa pagitan ng pagbabayad para sa kanilang mga gamot at paglalagay ng pagkain sa mesa. Para sa karamihan, ang gastos ng mga niresetang gamot at mga medikal na suplay ay naglalagay ng malubhang mga kahirapan sa mga badyet ng sambahayan. Ang $105 milyon na pamumuhunan sa programang **FAIR PHARMACARE** ay magpapalawak ng sakop para sa mga 240,000 B.C. na pamilya.

» Ang lahat ng mga pamilya na may sambahayang kita na mababa sa $45,000 ay makikinabang mula sa pamumuhunang ito.

» Aalisin din ang lahat na mga pag-aawas para sa mga pamilya na may netong taunang kita na nasa pagitan ng $15,000 at $30,000.

### 240,000 NA MGA PAMILYA SA B.C. AY MAKIKINABANG



### MGA INALIS NA PAG-AAWAS

» Mga pamilya na may netong kitang mababa sa $30,000.

### MGA BINAWASAN NA PAG-AAWAS

» Mga pamilya na may netong kitang mababa sa $45,000.

# PAGHAHATID NG MGA SERBISYONG INAASAHAN NG MGA TAO

Ang Mga British Columbian ay karapat-dapat sa mga serbisyo na maaari nilang maasahan. Maging iyon ay pagtitiyak ng pangangalagang pangkalusugan para sa isang mahal sa buhay, pagkuha ng edukasyon para sa kanilang mga anak o pagpapanatiling ligtas ang mga komunidad kailangan ng mga taong makakuha ng mga kalidad na serbisyo. Ang mga kalidad na serbisyo ay maaaring mangahulugan ng pagkakaiba sa pagitan ng pagkuha ng suporta para sa pagkagumon o mga hamon sa pangkaisipang kalusugan o pagdurusa nang mag-isa. Maaari nilang sabihin ang pagkakaiba sa pagitan ng pagkuha ng tulong sa pag-aaral ng Ingles at paki-kisama sa komunidad, o paghihirap na matuto nang nag-iisa at nananatiling nakahiwalay.

Iyon ang dahilan kung bakit gumawa kami ng mga agarang hakbang sa Pagbabago ng Badyet 2017 upang mapabuti ang mga serbisyo at tumugon sa ilan sa mga pinakamahirap na pangangailangan ng mga tao. Sa Badyet 2018, patuloy kaming mamumuhunan sa kalidad, maaasahang serbisyo na kailangan ng mga tao.

» Masyadong maraming pamilya sa British Columbia ay nawawalan ng mga mahal sa buhay dahil sa krisis sa labis na dosis. Ang mga unang tagatugon, mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at mga organisasyong pangkomunidad ay gumagawa ng lahat na magagawa nila upang ibaling ang krisis na ito – nguni't kailangan nila ng tulong. Iyon ang dahilan kung bakit, noong nakaraang taon, lumikha ang inyong pamahalaan ng isang indepedienteng **Ministry of Mental Health and Addictions (Ministro ng Pangkaisipang Kalusugan at Mga Pagkagumon)** at namuhunan ng $322 milyon sa loob ng tatlong taon. Sa taong ito tutulungan naming pakilusin ang B.C. mula sa isang pagtuon sa pagtugon sa emerhensiya patungo sa isang mas pinagsama, handang maglingkod at pangontrang pamamaraan na tumutulong sa mga tao kung kailan at kung saan nila kailangan ito.

» Noong Setyembre, inalis namin ang mga bayad sa matrikula para sa mga kabataan na dating nasa pangangalaga, gayundin sa mga matanda at mag-aaral ng wikang Ingles. Sa pagtataguyod namin ng aming pangako na matulungan ang mga kabataan na nasa pangangalaga, ang Badyet 2018 ay nagkakaloob ng $30 milyon upang dagdagan ang pinansiyal na suporta sa ilalim ng programang **Agreements with Young Adults (Mga Kasunduan sa Mga Batang Adulto)**. Ang programang ito ay kritikal para sa marami sa ating mga kabataan na tumatanda sa labas ng pangangalaga, na tumutulong sa kanila sa upa, mga pamilihan at payo sa karera. Ang suportang ito ay makakatu-long sa higit sa 800 na dating kabataang nasa pangangalaga.

» Kami ay gumagawa ng aksyon upang makuha mo ang pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo. Iyon ang dahilan kung bakit kami ay namumuhunan ng $150 milyon sa loob ng tatlong taon upang **mapalawak ang sakop ng mga pangunahing tagapagkaloob ng pangangalaga** at makakuha ang pangangalagang nakabatay sa pangkat para sa mga hindi kasalukuyang hindi mahusay na napaglilingkuran.

» Ang mga sinyor ay karapat-dapat na mamuhay nang lubos, nang walang alalahanin tungkol sa gastos sa pabahay o sa kalidad ng pangangalaga sa mga assisted living na pasilidad. Ang Badyet 2018 ay nagbibigay ng tulong para sa mga sinyor:

- 22,000 na mga sinyor na mababa ang kita ay makikinabang mula sa mga pamumuhunan sa programang tulong sa pag-renta na kilala bilang SAFER - **SHELTER AID FOR ELDERLY RENTERS (TULONG SA KUBLIHAN PARA SA MGA MATATANDANG NANGUNGUPAHAN)**. Ang $58 milyon na pamumuhunang ito sa loob ng tatlong taon ay magpapataas sa halaga na natatanggap ng tumatanggap ng SAFER na isang pamantayang $930 bawa't taon.
- Ang $548 milyon na pamumuhunan sa loob ng tatlong taon ay nangangahulugan ng mas mahusay na pangangalaga sa tirahan para sa mga sinyor at **MAS KWALIPIKADONG MGA SUPORTANG TAUHAN** sa mga assisted living na pasilidad. Makakatulong ito upang matiyak na ang ating mga sinyor, magulang at lolo't lola ay tinatrato nang may dignidad at paggalang.



» Sa Pagbabago ng Badyet 2017, kami ay gumawa ng makasaysayang pamumuhunan sa edukasyon upang bigyan ang mga bata ng mga silid-aralan na kailangan nila upang umunlad. Ang Badyet 2018 ay patuloy na namumuhunan sa ating mga anak ng $72 milyon sa pagpopondo upang umarkila ng karagdagang mga guro, na nagdadala ng kabuuang mga bagong guro na idinagdag sa ilalim ng **CLASSROOM ENHANCEMENT FUND (PONDO PARA SA PAGPAPAGANDA NG SILID-ARALAN)** ng 3,700. Ang ating mga paaralan ay makakakuha ng tulong mula sa isang karagdagang $2 bilyon sa loob ng tatlong taon na makakatulong sa pagpapanatili, pagpapalit, pagbabago o pagpapalawak ng mga paaralan sa buong lalawigan.

**+3,700**
NA MGA BAGONG GURO

## MGA UNANG HAKBANG SA PAGTUGON SA MULING PAGKAKASUNDO

» Ang British Columbia ay nakatuon sa pakikipagtrabaho sa Mga Katutubong Tao upang itaguyod ang totoo at pangmatagalang muling pagkakasundo, na itinatag sa pamamagitan ng aming mga pangako sa ilalim ng Deklarasyon ng United Nations sa Mga Karapatan ng Mga Katutubo.

Bawat Ministro sa pamahalaan ay binigyan ng responsibilidad para sa pagkupkop at pagpapatupad ng Deklarasyon. Ang pagtugon sa muling pagkakasundo ay isang nakabahaging responsibilidad at ang Badyet 2018 ay gumawa ng mga unang hakbang sa direksyong ito.

Isang makasaysayang **$50 MILYONG** puhunan upang suportahan ang mga katutubong komunidad na nagnanais na muling bigang-buhay ang **MGA KONEKSYON SA KANILANG MGA WIKA**;

**$158 MILYON** sa pakikipagsosyo sa **MGA LIPUNAN NG KATUTUBONG PABAHAY AT MGA FIRST NATIONS** upang magtayo at suportahan ang 1,750 mga yunit upang matugunan ang mga pangangailangan sa pabahay ng mga katutubo;

**$6 MILYON** sa loob ng tatlong taon para sa **MGA SENTRO NG PAKIKIPAGKAIBIGAN NG KATUTUBO**, upang suportahan ang matatag na pagpopondo para sa patuloy na pag-aabot-kamay sa mga taong Katutubo na naninirahan sa at sa labas ng reserve;

**$16 MILYON** sa loob ng dalawang taon sa First Nations Health Authority (Awtoridad ng Kalusugan ng First Nations) upang suportahan ang **KALUSUGAN NG KAISIPAN AT KAGALINGAN** sa mga komunidad ng mga Katutubo;

Namumuhunan sa pagpapalawak ng **HEAD START PROGRAM**, kapwa sa at sa labas ng reserve, sa pakikipagsosyohan sa pederal na pamahalaan;

**$30 MILYON** sa loob ng tatlong taon para sa **PONDO SA PAGPAPAUNLAD NG PAGSASANAY SA KAKAYAHAN NG KATUTUBO**, na sumusuporta sa mga programang tulad ng pagbasa't pagsulat sa kompyuter at pagsasanay sa kaligtasan; at

Ang paglikha ng isang bagong **PROGRAMA NG KATUTUBONG BATAS** sa University of Victoria.

» Ang ating lalawigan ay mayaman sa likas na kagandahan, at sa mga henerasyon ang mga parke at mga lugar ng kamping ng B.C ay isang paboritong destinasyon para sa mga pamilya ng B.C. at turista upang matamasa.

- Upang mapanatiling buhay ang tradisyon, pinapalawak namin ang **BC PARKS CAMPSITES (MGA PARKE AT LUGAR NG KAMPING NG BC)** ng $5 milyon sa loob ng tatlong taon.



- Ang Badyet 2018 ay namumuhunan din sa **PAGPROTEKTA NG KAGUBATANG HAYOP NG B.C.** ng $14 milyong puhunan sa loob ng tatlong taon upang muling buhayin ang inisyatiba sa pangangasiwa ng kagubatang hayop ng B.C.



- $9 milyon upang masakop ang presyur ng pagpapatakbo para sa **MGA SERBISYO NG TAGAPANGALAGANG OPISYAL**.



# PAGTATAYO NG ISANG MALAKAS, NAPAPANATILING EKONOMIYA

Ang iyong pamahalaan ay nagtatrabaho upang gumawa ng isang malakas na ekonomiya sa bawa't sulok ng ating lalawigan, kung saan ang mga maliliit na negosyo ay umuunlad, ang mga manggagawa ay may mahusay na trabaho, at ang mga tao ay may oportunidad na abutin ang kanilang buong potensyal. Ang B.C. ay isang pang-ekonomiyang pinuno sa Canada at kinikilala para sa kanyang katatagan sa pananalapi at triple-A na kreditong marka. Noong 2017, ang trabaho ay lumago nang mas mabilis kaysa sa anumang iba pang bahagi ng Canada, at ang mga benta sa tingian, pagsisimula ng pabahay at kalakal-panluwas ay lumampas sa lahat ng mga inaasahan.

Sa Pagbabago ng Badyet 2017, kami ay kaagad tumulong sa mga negosyo sa pamamagitan ng pagpuputol ng maliit na bayad ng kita sa buwis sa negosyo at pagbabawas ng PST sa kuryente para sa mga negosyo.

Patuloy na sinusuportahan ng Badyet 2018 ang mga negosyo sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga taong tumutulong sa pagtatayo ng malakas na ekonomiya ng B.C.

» Ang **mga kapital na pamumuhunan** ay tumutulong sa ating malakas na ekonomiya sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga trabaho sa panahon ng konstruksyon, at labis na kinakailangang imprastraktura sa ating mga komunidad. Ang pagtatayo nitong mga paaralan, kalsada, pasilidad ng kalusugan, pagkatapos ng sekundaryong institusyon at iba pang mga pamumuhunan ay sumusuporta sa mahigit sa **50,000 direkta at hindi direktang mga trabaho** sa panahon ng konstruksyon. Halimbawa:

- Pagpapalit ng Patullo Bridge ng bagong tulay na may apat na daanan.
- Pagpapalit ng Handsworth Secondary School sa North Vancouver.
- Pakikipagsosyo sa mga pagkatapos ng sekundaryong institusyon upang maghatid ng 5,000 mga espasyong pabahay sa bagong mag-aaral sa mga kampus.

» **Ang pamumuhunan sa pagsasanay sa kasanayan** ay nangangahulugan ng pamumuhunan sa mga tao na tumutulong sa paglago ng ekonomiya:

- Pagdadagdag ng $19 milyon taun-taon upang makatulong na bigyan ang mga tao ng mga pagkakataon sa pamamagitan ng libreng Elementaryang Edukasyon ng Adulto at Pag-aaral ng Wikang Ingles.
- Pagpapalakas ng mga agham ng kompyuter, teknolohiya ng impormasyon at pag-iinhinyero na may $11-milyong puhunan sa ating mga kolehiyo, unibersidad at mga institusyong pang-bokasyonal.
- Pamumuhunan ng halos $9 milyon upang matulungan ang mga bagong dating na isaayos ang kanilang mga bagong buhay sa ating lalawigan.

» Ginagawa natin ang pinakamalaking kapital na puhunan sa kasaysayan ng B.C. . Ang kabuuang paggastos sa kapital ay $15.8 bilyon sa loob ng tatlong taon sa mga paaralan, mga ospital, mga pagkatapos ng sekundaryong pasilidad, mga kalsada, at mga tulay.




» Ang mga sektor ng agrikultura ng B.C. ay nagluluwas sa buong bansa at sa buong mundo na lumilikha ng mga trabaho at nag-aambag sa ating ekonomiya. Ang Badyet 2018 ay namumuhunan ng $29 milyon sa loob ng tatlong taon sa **progromang Grow BC (Tubong BC), Feed BC (Pagkain BC), Buy BC (Bumili BC)** upang palawakin ang lokal na pagsisikap sa pagmemerkado at pagbutihin ang pagkikilala sa tatak ng produkto ng B.C. sa ibang bansa.

» Ang 2017 na panahon ng malaking sunog ay walang kaparis, na may 65,000 katao ang nawala sa lugar mula sa mga komunidad B.C. Upang matulungan ang mga negosyo at mga komunidad na naapektuhan ng mga malaking sunog, tayo ay namumuhunan ng karagdagang $72 milyon sa katatagan at pagbawi ng komunidad, at pag-unlad ng lalawigan.

Ang badyet ay balanse at mayroon tayong mahusay na plano sa pananalapi. Ang ating makasaysayang pamumuhunan sa mga tao at mga serbisyo ay sumusuporta sa isang malakas at lumalagong ekonomiya.

Ang Badyet 2018 ay may inaasahang sobrang $219 milyon at ilang mga antas ng pag-iingat sa pamamagitan ng $350 milyong tinatantyang pataang at $550 milyon para sa mga anumang maaaring mangyari sa 2018-19.

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

Mga Detalye ng Badyet 2018: **www.bcbudget.ca**

Ministro ng Pananalapi: **www.gov.bc.ca/fin**


*Ang dokumentong ito ay inilimbag sa mapagmalasakit sa kapaligiran na libre sa Elemental Chlorine na papel, naglalaman ng ginamit-muling hibla at 100% muling-magagamit. Kasali sa produksyon ng dokumentong ito ang mga pinakamahusay na kasanayan para sa konserbasyon. Mangyaring Reduce (Magbawas), Reuse (Muling Gamitin) at Recycle (Magresiklo)*